ROMBLON NEWS NETWORK


GROW YOUR BUSINESS
GET YOUR WEBSITE
CONTACT US:
PIXELSIS DIGITAL
+63 927 723 1871
info@pixxelsis.com

BALITA NGAYON

RNN WEEKLY DIGITAL PAPER
VOLUME NO. 1 • ISSUE NO. 11/2025 • JUL 16-31, 2025 • FREE

MGA BALITA - pp 2-6 | OPINIONS - p7 | FEATURES - p8

WWW.ROMBLONNEWS.NET

P2.2 B pondo ng Romblon para sa 2026, aprubado na



ni ***Paul Jaysent Fos***

31 Jul 2025. Inaprubahan ng Provincial Development Council (PDC) ng Romblon ang Annual Investment Program (AIP) ng probinsya para sa taong 2026 na may kabuuang halagang ₱2.2 bilyon, sa ginanap na pagpupulong sa Quezon City nitong July 31.

Ang AIP ay naglalaman ng mga prayoridad na programa, proyekto, at aktibidad (PPAs) ng pamahalaang panlalawigan para sa susunod na taon at ang mga detalyadong pondo para dito.

Batay sa dokumentong nakuha ng Romblon News Network, nakalaan ang ₱329.2 milyon sa mga proyekto para sa mga munisipyo ng probinsya.

Samantala, itinalaga naman ang 5% ng kabuuang pondo o katumbas ng ₱90.2 milyon para sa Gender and Development (GAD) programs at disaster response efforts.

Bibigyan ng tig-₱18 milyon ang mga programa para sa senior citizens, early childhood care and development (ECCD), at mga hakbang laban sa HIV/AIDS.

May ₱15 milyon namang inilaan para sa Special Education Fund (SEF), habang ang natitirang ₱1.69 bilyon ay ilalaan para sa operational expenses ng pamahalaang panlalawigan.

Dumalo sa deliberasyon ng AIP sina Governor Trina Firmalo-Fabic, Romblon Congressman Eleandro Jesus Madrona, mga alkalde ng iba't ibang bayan sa lalawigan, at mga kinatawan mula sa civil society organizations (CSOs).

Ang inaprubahang AIP ay isusumite na sa Sangguniang Panlalawigan para sa pinal na pag-apruba. /End

Rep. Madrona, muling inihain ang mga panukala para sa turismo ng Romblon



ni ***Paul Jaysent Fos***

Sa pagsisimula ng ika-20 Kongreso, agad na naghain si Romblon Lone District Representative Eleandro Jesus F. Madrona ng serye ng mga panukalang batas na naglalayong kilalanin at paunlarin ang mga natatanging destinasyon sa lalawigan bilang mga opisyal na tourism at ecotourism sites.

Layon ng mga hakbang na ito na mapalakas ang industriya ng turismo sa Romblon sa pamamagitan ng mas organisado at suportadong promosyon, imprastruktura, at pamamahala. Ilan sa mga panukalang ito ay dati nang inihain noong ika-19 na Kongreso ngunit hindi naipasa, kaya muling isinulong ngayong bagong sesyon ng batasan.

Kabilang sa mga panukala ay ang pagkilala sa Suba Cove sa Corcuera bilang isang ecotourism destination. Matatagpuan sa Barangays San Roque, Mangansag, at Mabini, kilala ang Suba Cove sa likas nitong ganda at mala-paraisong tanawin na patok sa mga adventure at nature lovers.

Kasama rin sa isinusulong ni Madrona ang pagsasama ng Siki it Elepante rock formation sa Barangay Labnig, Corcuera sa listahan ng mga tourism sites. Ang Cotta de San Jose ruins naman ay isa ring bahagi ng panukalang batas.

Hindi rin nalimutan ng kongresista ang mga baybayin at beach destinations sa kanyang distrito. Itinutulak niyang kilalanin bilang tourism destinations ang Payayasog Beach sa Barangay Mangansag at Colong-Colong Beach—parehong nasa Corcuera—gayundin ang Binucot Beach sa Ferrol bilang isang ecotourism destination. Kilala ang mga ito sa mala-kristal na tubig, white sand, at kakaibang biodiversity.

Isinusulong rin ni Madrona ang pagkilala sa buong bayan ng San Jose (Isla de Carabao) at Santa Fe bilang tourism destinations, at ang San Andres bilang isang tourism development area.

sundan sa pahina 5 ▸

Mahigit 1,800 MSMEs sa Romblon, nakatanggap ng tulong mula sa DTI

ni **Paul Jaysent Fos**



Photo Courtesy: DTI Romblon

31 Jul 2025. Umabot sa kabuuang 1,829 micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa lalawigan ng Romblon ang nakatanggap ng tulong mula sa Department of Trade and Industry (DTI) mula Enero hanggang Hulyo 2025, alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na palawakin ang suporta para sa maliliit na negosyo sa bansa.

"Patuloy tayong nagbibigay ng libreng training at puhunan para makapagtayo sila ng sariling negosyo... Hindi tayo titigil hanggang halos dalawa't kalahating milyong maralitang pamilya ay matutulungan natin na magkaroon ng kanilang sariling maliit na negosyo," ayon sa pahayag ni Pangulong Marcos sa kanyang ika-apat na State of the Nation Address noong Hulyo 24.

Ayon kay DTI Romblon Provincial Director Orville Mallorca, nakatutok ang kanilang tulong sa mga pangunahing aspeto gaya ng entrepreneurial mindset, business mastery, mentoring, access to financing, equipment support, market linkage, at pagbuo ng sustainable business models.

Sa kabuuan, 538 MSME operators ang nabigyan ng business counseling, habang 288 ang lumahok sa skills development at enterprise-related training. Marami rin ang nakinabang sa financial literacy programs at iba pang serbisyong hatid ng mga Negosyo Centers sa lalawigan.

Sa kasalukuyan, may 11 Negosyo Centers na ang aktibong nagbibigay serbisyo sa 16 na bayan ng Romblon, na nagsisilbing pangunahing access point ng mga MSME sa negosyo at pagsasanay.

Sinabi ni Mallorca na ang pagpapatupad ng mga programang ito sa Romblon ay nakaangkla sa pambansang layunin na itaguyod ang entrepreneurship at palakasin ang partisipasyon ng MSMEs sa mga gawaing pang-ekonomiya.

Saklaw ng mga MSME sa Romblon ang iba't ibang industriya gaya ng food processing, handicrafts, retail, at serbisyo. May ilan ding lumalawak na ang operasyon sa mga sektor na binigyang-diin sa SONA, gaya ng konstruksyon at sustainable industries.

Dagdag pa rito, may mga MSME na sa Romblon ang nagsimula na ring pumasok sa agri-business development bilang tugon sa panawagan ni Pangulong Marcos na palakasin ang pamumuhunan ng pribadong sektor sa agrikultura.

Inaasahan na magpapatuloy ang pagbibigay ng tulong sa mga MSMEs sa Romblon sa pakikipagtulungan ng mga local government units, bilang bahagi ng layunin ng pamahalaan na mabigyan ng kabuhayan ang mga pamilyang mababa ang kita. /End

Lalaki sa motorsiklo, nadisgrasya matapos iwasan ang tumawid na aso

ni **Jordan Dorado**

San Andres, 18 Jul 2025. Isang 30-anyos na lalaki ang nadisgrasya habang nagmamaneho ng motorsiklo sa national highway ng Barangay Poblacion, San Andres, Romblon bandang 7:31 kagabi, July 17.

Kinilala ang biktima na si Paterno Cortez, residente ng nasabing bayan.

Ayon sa mga saksi, biglang tumawid ang isang aso sa kalsada dahilan upang mawalan ng kontrol ang biktima sa kaniyang motorsiklo at bumagsak sa daan.

Agad naman siyang tinulungan ng mga nakasaksi sa biktima.

Sa isinagawang pagsusuri ng mga kapulisang nag responde sa aksidente, napag-alamang nasa impluwensya ng alak ang biktima habang nagmamaneho.

Patuloy na pinaalalahanan ng pulisya ang mga motorista na maging mapagmatyag sa daan at iwasan ang pagmamaneho habang naka-inom upang maiwasan ang aksidente. /End

Road rehab, farm support, at livelihood projects, prayoridad na mga proyekto ng Prov'l Gov't sa 2026



ni **Paul Jaysent Fos**

31 Jul 2025. Inaprubahan na ng Provincial Development Council (PDC) ng Romblon ang Annual Development Plan (ADP) para sa 2026 na nagkakahalaga ng ₱329,228,787, kung saan pangunahing prayoridad ang rehabilitasyon ng mga provincial roads, pagpapalakas ng agrikultura, at pagsuporta sa mga proyektong pangkabuhayan.

Sa ginanap na pagpupulong nitong July 31 sa Quezon City, inilahad ng PDC na malaking bahagi ng pondo ay mapupunta sa pagpapagawa at pagsasaayos ng mga provincial roads at access roads sa lahat ng bayan sa lalawigan.

Sa larangan ng serbisyong panlipunan, ipatatayo ang ₱5 milyong Bahay Pagasa para sa mga Children in Conflict with the Law (CICL) sa Odiongan. Itatayo rin ang Romblon Agriculture and Fisheries Extension Center (ROMAFEC) sa Calatrava na may pondong ₱3 milyon, at susuportahan ang Romblon Breeding Station sa San Andres at San Agustin Breeding Center para sa livestock improvement. Sa Sibuyan Island, nakalaan ang ₱1.5 milyon para sa livelihood training ng mga indigenous peoples.

Bibili rin ng dalawang dump trucks (₱12 milyon), backhoe loader (₱6 milyon), at iba pang heavy equipment para sa pagpapatuloy ng mga proyektong pangkaunlaran sa lalawigan. Dagdag pa rito, may pondong inilaan para sa coastal resource management gaya ng mangrove rehabilitation, Smart Water Quality Monitoring, at pagtatayo ng guard house para sa mga mining inspectors.

Kasama rin sa ADP ang pondo para sa pagbili ng dalawang dump trucks (₱12 milyon), isang brand-new backhoe loader (₱6 milyon), at iba pang kagamitan upang suportahan ang mga proyekto sa imprastruktura ng lalawigan. Sa larangan naman ng coastal protection, nakalaan ang pondo para sa mangrove rehabilitation, Smart Water Quality Monitoring, at pagtatayo ng guard house para sa mining inspectors.

Pinangunahan ni Governor Trina Firmalo-Fabic at Congressman Eleandro Jesus Madrona ang deliberasyon ng plano, kasama ang mga alkalde ng 17 bayan at mga kinatawan ng civil society organizations.

Ang ADP ay ang 20% Development Fund na nagmumula sa National Tax Allotment (NTA) ng lalawigan, alinsunod sa Local Government Code, at isusumite na sa Sangguniang Panlalawigan para sa pinal na pag-apruba. /End

Mga ahensya ng pamahalaan, naghatid ng iba't ibang serbisyo para sa MSMEs sa Romblon

ni **Paul Jaysent Fos**



Photo Courtesy: DTI Romblon

Odiongan, 21 Jul 2025. Nagkaisa ang ilang ahensya ng pamahalaan sa pagbibigay ng serbisyo at suporta sa mga Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) sa lalawigan ng Romblon sa pamamagitan ng isang aktibidad na bahagi ng National MSME Week 2025.

Idinaos ang programa sa bayan ng Odiongan, kung saan nagtayo ng mga service desk ang mga ahensyang tulad ng Department of Labor and Employment (DOLE), Department of Science and Technology (DOST), Department of Social Welfare and Development (DSWD), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Provincial Training Center (PTC), Department of Information and Communications Technology (DICT), Land Bank of the Philippines (LandBank), Small Business Corporation, at Intellectual Property Satellite Office–MIMAROPA.

Tumanggap ang mga ito ng mga katanungan, aplikasyon, at request mula sa mga MSME participants.

Pinangunahan ng Department of Trade and Industry (DTI) Romblon ang aktibidad, at nag-alok ito ng libreng business counseling sa pamamagitan ng mga programa nito tulad ng One Town One Product (OTOP), Negosyo Center, at suporta sa mga benepisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP).

Ayon kay DTI Romblon Provincial Director Orville Mallorca, bahagi ito ng serye ng MSME Summit na isinasagawa sa iba't ibang probinsya ng rehiyon ng MIMAROPA upang palakasin ang kakayahan ng maliliit na negosyo at ipaalam ang mga serbisyong handog ng pamahalaan para sa kanila.

Bukod sa mga booth at one-on-one consultations, isinagawa rin ang isang forum kung saan tinalakay ang mga mahahalagang paksa na makatutulong sa modernisasyon at pagpapalago ng negosyo.

Kabilang sa mga paksang ito ang Digital Financial Literacy, Digital Marketing, paggamit ng Point-of-Sale (POS) systems, Cybersecurity, Franchising, Intellectual Property Rights, at Loan Financing options.

Ang aktibidad ay dinaluhan ng aabot sa mahigit 200 na negosyante mula sa iba't ibang bayan ng Romblon. /End



CA, inatasan ang may-ari ng Sulpicio Lines na magbayad ng ₱136.3M sa mga biktima ng Princess of the Stars

ni **Ana Mendoza**



31 Jul 2025. Inatasan ng Court of Appeals (CA) ang mga may-ari ng Philippine Span Asia Carrier Corporation (PSACC), na dating kilala bilang Sulpicio Lines Inc. (SLI), na magbayad ng humigit-kumulang ₱136.3 milyon sa pamilya ng mga biktima ng trahedyang pandagat na naganap halos dalawang dekada na ang nakalilipas at kumitil ng higit sa 800 katao.

Pinagtibay ng CA ang nauna nitong desisyon na nagpapakita ng matinding kapabayaan ng PSACC na naging dahilan ng paglubog ng Ro-Pax ferry na MV Princess of the Stars noong Hunyo 21, 2008 sa Sibuyan Sea, sa gitna ng masamang panahon.

Ayon sa mga awtoridad, umabot sa 814 ang kumpirmadong nasawi sa insidente habang higit 50 pa ang hindi kailanman nahanap sa kabila ng matagal na search and recovery operation na tumagal hanggang kalagitnaan ng 2010.

Kinasuhan ng CA ang mga may-ari ng PSACC na sina Enrique Go, Eusebio Go, Carlos Go, Victoriano Go, Dominador Go, Ricardo Go, Edward Go, at Edgar Go ng reckless imprudence resulting in multiple homicide, damage to property, and serious physical injury.

Ang mga kasong ito ay isinampa matapos matuklasang pinayagang bumiyahe ang barko mula Maynila patungong probinsya sa kabila ng babala ng malakas na bagyong si Typhoon Fengshen (Frank), na may lakas ng hangin na hanggang 89 knots ayon sa mga lokal at dayuhang weather agency.

Bukod sa danyos sa mga pamilya ng nasawi, inatasan din ng CA ang kumpanya na magbayad ng ₱800,000 bawat isa sa apat na nakaligtas sa insidente mula sa kabuuang 56 survivors.

Itinaas ng mga may-ari ng SLI ang kaso sa CA at iginiit na hindi sila dapat managot dahil ang insidente ay nangyari diumano dahil sa isang "fortuitous event" o hindi inaasahang pangyayari.

Ngunit ayon sa korte, hindi maaring ikatwiran ng mga akusado ang ganitong depensa, at iginiit na sila ay labis na nagpabaya sa pamamahala ng kumpanya at nabigong gumawa ng agarang hakbang upang maiwasan ang trahedya.

Tinanggihan din ng CA ang alegasyon na may pagkukulang ang Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA), at sinabing walang ebidensiyang sumusuporta sa ganitong pahayag.

Ang MV Princess of the Stars ay isa sa pinakamalalaking trahedyang pandagat sa kasaysayan ng bansa at patuloy na sumisimbolo sa pangangailangan ng mas mahigpit na regulasyon at pananagutan sa sektor ng maritime transport. /End

Bayan ng Concepcion sa Sibale Island, isinailalim sa State of Calamity

ni **Paul Jaysent Fos**

Conceptcion (Sibale Island), 29 Jul 2025. Isinailalim na sa state of calamity ang bayan ng Concepcion sa Sibale Island, Romblon nitong Martes, Hulyo 29, kasunod ng rekomendasyon ng Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council (MDRRMC) bunsod ng matinding pagkaantala sa suplay ng pagkain at krudo sa isla.

Ipinatupad ang deklarasyon matapos ang mahigit isang linggong pagkansela ng mga biyahe sa dagat dulot ng malalakas na alon, na nagdulot ng pagkakahiwalay ng isla sa mga regular na ruta ng suplay.

Ayon kay Mayor Nicon Fameronag, tanging isang maliit na bangkang de-motor lamang ang regular na bumibiyahe mula Sibale patungong Pinamalayan, Oriental Mindoro, ngunit hindi ito nakalalayag nitong mga nakaraang araw dahil sa patuloy na masamang lagay ng panahon.

Iniulat ng alkalde na halos 1,500 kilo na lamang ng bigas ang natitira sa mga pribadong tindahan sa isla, na ayon sa kaniya ay tatagal lamang ng isa hanggang dalawang araw.

Bukod sa bigas, kritikal na rin ang suplay ng krudo sa isla.

Kaugnay nito, inaprubahan ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office MIMAROPA ang hiling ng lokal na pamahalaan na maglunsad ng Food-for-Work program, kung saan pinayagan silang ipamahagi ang prepositioned relief goods para sa mga apektadong residente.

Bandang Martes ng gabi, dalawang bangka mula Pinamalayan ang nakarating sa Sibale Island sa kabila ng malalakas na alon at dala nito ang bigas na pansamantalang ginhawa sa mga taga-isla.

Gayunman, nagbabala si Mayor Fameronag na maaaring abutin pa ng hanggang isang linggo bago tuluyang manumbalik sa normal ang suplay ng bigas at iba pang pangunahing bilihin sa isla.

Nanawagan din siya sa mga residente na huwag mag-imbak ng bigas o magsamantala sa sitwasyon sa pamamagitan ng labis na pagtataas ng presyo. /End

Mahigit P300K halaga ng pekeng sigarilyo, nasabat sa Odiongan

ni **Ana Mendoza**

Odiongan, 25 Jul 2025. Nasabat ng mga tauhan ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang tinatayang ₱329,250 halaga ng mga pekeng sigarilyo sa isinagawang operasyon sa Barangay Dapawan nitong Lunes, Hulyo 22.

Ayon sa ulat ng CIDG Romblon Provincial Field Unit, naaktuhan umano ang dalawang suspek na sina alyas John at alyas Arnold na may hawak na kahon-kahong sigarilyo na kanilang ibinebenta. Iba't ibang brand ang nasamsam ngunit walang mga kaukulang BIR tax stamps at hindi rin sumusunod sa itinatakdang graphic health warning labels ng batas.

Sinabi ni CIDG Acting Director PBGEN Romeo Macapaz na ang operasyon ay bahagi ng patuloy na kampanya ng pamahalaan sa pagsusulong ng karapatang pangkalusugan ng publiko.

"With this accomplishment, we significantly protected the public from potential health hazards, reduce the harm caused by smoking, and ensure that the sale of these products to minors is strictly prevented," pahayag ni Macapaz.

Kasalukuyang nakakulong ang mga suspek at nahaharap sa patong-patong na kaso kaugnay sa paglabag sa Tobacco Regulation Act at iba pang kaugnay na batas.

Pinuri rin ni Macapaz ang CIDG Romblon sa mabilis na aksyon na nagresulta sa pagkakakumpiska ng mga ilegal na produkto at pagkakaaresto ng mga lumalabag sa batas. /End

Pamahalaang Panlalawigan, magpapadala ng ayuda sa Sibale Island

ni **Paul Jaysent Fos**

Romblon, 30 Jul 2025. Magpapadala ng tulong ang Pamahalaang Panlalawigan ng Romblon sa mga residente ng Sibale Island sa bayan ng Concepcion, kasunod ng pagdedeklara ng state of calamity dahil sa kakulangan ng suplay ng pagkain at krudo sa isla.

Ayon kay Provincial Disaster Risk Reduction and Management Officer Joseph Menorca, iniutos ni Governor Trina Firmalo-Fabic na agad na maghatid ng ayuda para sa mga apektadong pamilya.

Bukas, July 31, ay lalayag ang sasakyang pandagat ng PDRRMO mula sa bayan ng Romblon patungong Sibale dala ang 30 sako ng bigas at mga kahon ng sardinas. Ayon kay Mallorca, ang tulong ay pangunahing para sa mga residente na hindi makapangisda dahil sa patuloy na masamang panahon at mataas na alon.

Bahagi umano ito ng mabilis na pagtugon sa krisis sa suplay sa Sibale Island, na ilang araw nang hindi nadadaanan ng mga karaniwang ruta ng transportasyon sa dagat.

Samantala, nananatiling nakaalerto ang mga disaster response units ng lalawigan upang tumugon sa iba pang pangangailangan ng mga apektadong residente sa gitna ng matagal nang epekto ng habagat sa isla. /End

Alegasyon ng guro-estudyante na relasyon, iniimbestigahan ng DepEd Romblon

Romblon, 29 Jul 2025. Kumikilos na ang Department of Education (DepEd) Romblon kaugnay sa umano'y reklamong sexual grooming na kinasasangkutan ng tatlong guro sa bayan ng Romblon.

Kinumpirma ni Schools Division Superintendent Roger Capa na nakipag-ugnayan na sila sa mga punong-guro ng mga high school sa bayan ng Romblon upang isumite sa Division ang anumang incident report na may kinalaman sa nasabing isyu.

Tiniyak ni Capa na kung makarating sa kanilang opisina ang opisyal na reklamo ay aaksyunan nila ito batay sa umiiral na Child Protection Policy.

"Rest assured that if this complaint has reached our office, we will act on it accordingly, in compliance with DepEd Order No. 40, s. 2012 or the 'Child Protection Policy.' We are also conducting our own initial gathering of facts to ensure due process is observed," pahayag niya.

Hinimok din ni Capa ang publiko na huwag idaan sa social media ang mga reklamo laban sa mga guro, bagkus ay dumaan sa tamang proseso sa pamamagitan ng paglapit sa mga school principal o sa opisina ng DepEd Romblon.

Ito aniya ay upang maprotektahan ang pagkatao ng lahat ng sangkot sa anumang reklamo, lalo na kung sensitibo ang isyu.

Paliwanag ni Capa, tanging administrative cases lamang ang maaaring isampa sa loob ng kagawaran alinsunod sa panuntunan ng civil service at ng DepEd. Kung may krimeng sangkot, nararapat itong isampa sa korte.

Una nang inilantad ni SB Member Miguel Gabriel Montojo, Chairperson ng Committee on Government Affairs, Ethics, and Accountability; Human Rights and Justice, na nakatanggap siya ng ulat na may tatlong guro na sangkot sa umano'y grooming ng mga estudyante, at isa umano rito ay nakipagtalik pa sa menor de edad.

Aniya, hindi kailanman katanggap-tanggap na ang mga guro na inaasahang tagapagtanggol ng kabataan ay siyang gagamit ng kanilang kapangyarihan upang abusuhin ang mga ito.

Nakatakda namang magsagawa ng joint hearing ang Committee on Government Affairs, Ethics, and Accountability at Committee on Women, Family Affairs and Gender Equality ng Sangguniang Bayan para imbestigahan ang usapin. /End

MARKETING ACROSS ALL PLATFORMS
PROMOTE YOUR BUSINESS
ON RNN PAPER, SOCIAL MEDIA & WEBSITE
Email us at marketing@romblonnews.net or call 0927 723 1871

Paglago ng turismo sa MIMAROPA, tugon sa SONA ni PBBM

ni **Ana Mendoza**



23 Jul 2025. Patuloy ang pag-angat ng sektor ng turismo sa rehiyong MIMAROPA bilang tugon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. sa kanyang 2024 State of the Nation Address (SONA) na paigtingin ang local tourism para sa economic recovery.

Ayon sa Department of Tourism (DOT) MIMAROPA, nakapagtala ang rehiyon ng 2.27 milyong turista noong 2023 — 68% na pagtaas mula sa 1.35 milyon noong 2022. Pinangunahan ng Palawan ang bilang ng mga bisita, sinundan ng Oriental Mindoro, Romblon, Occidental Mindoro, at Marinduque.

Sa ulat ng Philippine Information Agency, bahagi ng pagtugon ng rehiyon sa SONA ni Pangulong Marcos ang pagpapahusay ng mga tourism circuits at community-based tourism, gaya ng eco-tourism at agri-tourism, para mas lalo pang maitaguyod ang kabuhayan ng mga lokal na komunidad.

Dagdag ng DOT, nagpapatuloy rin ang pagsasanay sa mga tourism workers, digital promotion, at ugnayan sa mga LGU para mas mapalago pa ang industriya. /End

Malaking gastusin sa operasyon ng Batangas Port, dahilan sa planong P100 terminal fee – ATIB

ni **Paul Jaysent Fos**



Photo: John Mark Forcado

Batangas, 21 Jul 2025. Itinuro ng Asian Terminals Inc.-Batangas (ATIB) ang mataas na operational expenses bilang pangunahing dahilan ng kanilang panukala na itaas mula P30 hanggang P100 ang passenger terminal fee sa Batangas Port.

Sa liham na ipinadala ni Peter Francis Dimayuga ng ATIB kay Konsehal Miguel Gabriel Montojo ng Romblon, ipinaliwanag ng kumpanya na umaabot sa 50% ng kita ng pantalan ang ginugugol sa pang-araw-araw na operasyon.

Bukod dito, 30% naman ang nakalaan sa seguridad, kaligtasan, at sahod ng mga manggagawa, habang ang natitirang 20% ay para sa patuloy na pagpapabuti ng mga pasilidad sa terminal.

Ayon kay Dimayuga, ang kasalukuyang P30 na singil ay hindi na sapat upang mapanatili ang kalidad ng serbisyo at imprastruktura ng terminal.

Dagdag pa ng ATIB, ginastusan nila ng humigit-kumulang ₱1.5 bilyon ang pagpapagawa ng bagong terminal building .

Sinabi rin ni Dimayuga na kapalit ng planong pagtaas ay ang pagpapatuloy ng paggamit ng publiko sa mga world-class amenities ng terminal tulad ng malinis na comfort rooms, clinic, ambulansya, playrooms, breastfeeding station, shuttle service, at iba pa.

Ang panukalang pagtaas ng terminal fee ay bahagi ng isinumiteng aplikasyon ng ATIB sa Philippine Ports Authority (PPA) noong Oktubre 2024 na kasalukuyang pinag-aaralan ng gobyerno. /End

P57.5-M pinsala sa agrikultura, iniulat sa Occidental Mindoro dahil sa Habagat

Juan Reyes

Occidental Mindoro, 23 Jul 2025. Umabot na sa ₱57.5 milyon ang inisyal na halaga ng pinsala sa sektor ng agrikultura sa lalawigan ng Occidental Mindoro dulot ng malalakas na pag-ulan ng habagat na pinalala ng bagyong Carina.

Batay sa report ng Philippine Information Agency, sinabi ng Provincial Agriculture Office (PAO) na apektado ang 2,034 ektarya ng sakahan sa pitong bayan, kabilang ang San Jose, Magsaysay, Rizal, Calintaan, Sablayan, Mamburao, at Paluan. Kabilang sa mga nasira ang mga pananim na palay, mais, at high-value crops tulad ng gulay.

Dagdag ng PAO, ang sektor ng palaisdaan ay nagtala rin ng ₱1.4 milyon na halaga ng pinsala.

Patuloy ang ginagawang assessment ng mga lokal na pamahalaan upang matukoy pa ang kabuuang epekto ng kalamidad sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda.

Nakahanda namang tumugon ang Department of Agriculture at iba pang ahensya para sa posibleng ayuda at rehabilitasyon. /End

NFA, nagpadala ng 500 sakong bigas para sa mga biktima ng bagyo sa Palawan

Halaw mula sa Palawan News

Palawan, 23 Jul 2025. Naglabas ang National Food Authority (NFA) Palawan ng kabuuang 500 sako ng bigas para sa mga residenteng naapektuhan ng Bagyong Crising at ng matitinding pag-ulan dulot ng pinalakas na habagat.

Ayon kay Officer-in-Charge (OIC) Branch Manager Julius Lopez, una nang humiling ang Puerto Princesa City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) ng 200 sako ng bigas, habang ang Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) naman ay humiling ng 300 sako noong Sabado, Hulyo 19.

Ang mga sako ng bigas ay mula sa mga bodega ng NFA sa Lungsod ng Puerto Princesa at Brooke's Point.

"Ang ating mga bigas ay siguradong ligtas kainin ng tao at ang ini-issue namin ay mula zero hanggang tatlong buwan mula paggiling — pinakabagong giling ang ibinibigay namin pagdating sa mga kalamidad at emerhensiya," ani niya.

Tiniyak ni Lopez sa publiko na sinuri na ng mga quality assurance officers ng ahensya ang kalidad ng mga supply bago ito ipamahagi.

Tiniyak din ni Lopez na may sapat na stock ng bigas sa kanilang bodega upang tugunan ang mga kahilingan ng mga local government units (LGUs) sa lalawigan.

Ang mga benepisyaryo ng suplay ng bigas ay itatakda ng CDRRMO sa Lungsod ng Puerto Princesa at ng PDRRMO sa lalawigan ng Palawan.

May natitirang 440 sako pa na maaaring kunin ng CDRRMO, habang 200 sako naman ang nakalaan para sa PDRRMO.

Ang huling procurement ng supply mula sa NFA ay noong Pebrero, bunsod ng epekto ng shearline na naranasan sa buong lalawigan. Nagdulot ito ng pagbaha, kabilang na ang ilang barangay sa Lungsod ng Puerto Princesa.

Samantala, naipamahagi na ng Pamahalaang Panlalawigan ng Palawan ang 3,089 family food packs bilang dagdag na suporta sa limang bayan na matinding naapektuhan — kabilang ang Culion, Busuanga, Roxas, El Nido, at Aborlan.

Nauna nang natanggap ng mga bayan ng Culion at Busuanga ang kanilang food packs noong Hulyo 19, na may tig-500 food packs bawat isa.

Ayon sa anunsyo noong Hulyo 20, balik-normal na ang operasyon ng Palawan Provincial Emergency Operations Center (EOC) sa ilalim ng white-alert status. Ayon sa pinakahuling ulat, may kabuuang 6,770 pamilyang apektado sa Palawan, o katumbas ng 28,197 katao mula sa iba't ibang bahagi ng lalawigan. (PIA). /End

Mga Dating Rebelde, Nakatapos ng Deradicalization Program sa Mindoro

Halaw sa Mindoro Today

Occidental Mindoro, 29 Jul 2025. Tatlumpung dating rebelde ang nakatapos ng isang tatlong-araw na deradicalization program sa lalawigan ng Occidental Mindoro, bilang bahagi ng nagpapatuloy na programa ng pamahalaan upang wakasan ang dekadang komunistang insurgency sa bansa.

Ang programa ay isinagawa mula Hulyo 21 hanggang 23, 2025 sa isang halfway house sa Barangay Tayamaan, Mamburao, na inorganisa ng Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) katuwang ang 203rd Infantry Brigade ng Philippine Army at mga yunit ng civil-military operations.

Ang mga lumahok, na tinukoy bilang "Fully Reconciled Individuals," ay sumailalim sa counselling, psychosocial interventions, at skills training na layuning tulungan silang muling makapagsimula at makapagbagong-buhay bilang bahagi ng lipunan.

Tinalakay sa mga sesyon ang mga oportunidad sa kabuhayan, responsableng pagiging magulang, mga faith-based interventions, at pagpapaunlad ng komunidad.

"Hindi lang ito simpleng pagsasanay—ito ay isang hakbang tungo sa panibagong simula, upang bigyan ng pagasa at direksyon ang ating mga kababayang minsang naligaw ng landas," pahayag ni Rosalina Lamoca, kinatawan mula sa provincial social welfare office.



Photo Courtesy: Philippine Army

Pinuri naman ni Brigadier General Melencio Ragudo, commander ng 203rd Infantry Brigade, ang pagtutulungan ng mga lokal na pamahalaan at puwersa ng militar sa pagsusulong ng kapayapaan sa lalawigan.*

Patuloy na isinusulong ng pamahalaang Pilipino ang parehong operasyong militar at mga programang pangkapayapaan upang tugunan ang insurgency, kabilang ang mga programa ng amnestiya at mga proyektong pangkaunlaran sa mga apektadong lugar.

Sa mga nagdaang taon, dumami ang bilang ng mga sumusukong kasapi ng NPA, dulot ng tuluy-tuloy na presyur mula sa militar at mga hakbang ng pamahalaan para sa kanilang reintegrasyon. /End

HungryBear
+63 919 748 4723
hungrybeardelivery.com
GET IT ON Google Play

Digital milestones sa MIMAROPA, tugon sa pangako ni PBBM sa 2024 SONA

ni **Ace Sapit/PIA MIMAROPA**



26 Jul 2025. Patuloy ang pagpapatupad ng administrasyong Marcos sa mga digital infrastructure projects na layong isara ang digital divide at gawing sentro ng inobasyon ang Pilipinas sa rehiyon, alinsunod sa kanyang mga pangako sa 2024 State of the Nation Address (SONA).

Sa kanyang talumpati noong 2024, ipinangako ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. ang pagpapalawak ng libreng Wi-Fi sa buong bansa at ang pagpapatupad ng mga reporma upang mapabilis ang pagtatayo ng mga imprastruktura gaya ng common towers.

"Patuloy pa ang ating pinararaming mga libreng Wi-Fi sa buong bansa... Expect full government support to ensure the successful completion of this critical project," ani Marcos sa SONA.

Isa sa mga katuparan nito ay ang paglulunsad ng 32 libreng Wi-Fi hotspots ng Department of Information and Communications Technology (DICT) sa 11 lugar sa Oriental Mindoro, na nagbibigay ng digital access sa mga komunidad na dating walang koneksyon sa internet.

Ayon kay DICT MIMAROPA Regional Director Emmy Lou Delfin, target pa nilang magdagdag ng 40 lokasyon sa rehiyon, kabilang ang tig-10 hotspot sa Romblon, Occidental Mindoro, Marinduque, at Palawan sa mga susunod na buwan.

Noong Hunyo 20, binuksan din ng DICT ang kauna-unahang Level II Digital Transformation Center sa Calapan City, na magsisilbing hub para sa ICT training ng mga LGU, ahensya ng gobyerno, at mga mamamayan.

Sa World Summit on the Information Society (WSIS) Prizes 2025 sa Geneva, Switzerland noong Hulyo 7, dalawang proyekto mula MIMAROPA ang pinarangalan. Occidental Mindoro ang nanalo sa E-business category dahil sa digitalization ng business permitting system na binago ang proseso mula "weeks to minutes." Samantala, kabilang sa Top 5 Champion ang Oriental Mindoro para sa Project PAG-ASA, isang digital skills training program para sa mga Persons Deprived of Liberty (PDLs), bilang pagkilala sa social impact ng inclusive digital education.

Binanggit din ng Pangulo sa kanyang SONA ang National Fiber Backbone na layong palakasin ang internet connectivity sa buong bansa. Aniya, operational na ang Phase 1 ng proyekto habang nagpapatuloy ang Phases 2 at 3 na target matapos pagsapit ng 2026. "This fiber backbone will give us sufficient capacity in terms of bandwidth," ani Marcos.

Sa tuloy-tuloy na mga hakbang na ito, isinusulong ng administrasyon ang mas inklusibong digital transformation—hindi lamang para sa urban centers kundi maging sa mga malalayong lalawigan gaya ng Romblon. /End

Trabaho at kabuhayan sa MIMAROPA, patuloy ang bunga ng pangako ni PBBM

ni **Ace Sapit/PIA MIMAROPA**



26 Jul 2025. Patuloy ang pakinabang ng mga manggagawa at komunidad sa MIMAROPA sa mga pangakong binitiwan ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. kaugnay sa trabaho at kabuhayan, batay sa mga ulat ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa rehiyon.

Si Raymond Fabregas ng Oriental Mindoro ay isa sa mga jobseeker na agad na natanggap sa trabaho sa ginanap na job fair ng DOLE MIMAROPA. Aniya, malaking tulong ito sa kanyang pamilya matapos ang ilang buwang paghahanap ng trabaho.

Isa pang benepisyaryo ay si Enalyn Casao ng Puerto Princesa City na matagal ding nawalan ng trabaho. "Sobrang nae-excite po ako sa aking bagong trabaho... salamat sa Diyos at sa DOLE na din dahil nagkatrabaho na ako," ani Casao.

Sa kanyang SONA noong 2023, binigyang-diin ni Pangulong Marcos ang pagtutok ng administrasyon hindi lamang sa paglikha ng trabaho kundi pati na rin sa pagpapatibay ng kakayahan ng bawat Pilipino. "More importantly, these programs seek to develop their productive potential and bridge their capacities towards self-sufficiency," pahayag ng Pangulo.

Ayon sa DOLE, higit 192,000 manggagawa sa MIMAROPA ang nabigyan ng tulong sa ilalim ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged Workers (TUPAD) program ngayong 2024, kung saan halos ₱957 milyon ang naibuhos sa lokal na ekonomiya.

Samantala, sa ilalim ng DOLE Integrated Livelihood Program (DILP), 3,789 indibidwal at kasapi ng mga organisadong grupo ang nabigyan ng higit ₱68 milyong halaga ng startup capital at livelihood materials. Kabilang dito ang mga proyektong gaya ng seaweed farming sa Romblon at basket weaving sa Occidental Mindoro.

Bukod sa kabuhayan, pinrotektahan din ang karapatan ng mga manggagawa. Umabot sa ₱4 milyon ang naibalik na hindi nabayarang sahod at benepisyo sa 367 manggagawa matapos ang mga isinagawang inspeksyon ngayong taon. Mahigit ₱17 milyon pa ang naibigay sa 626 manggagawa sa pamamagitan ng Single Entry Approach (SEnA) ng DOLE.

Ayon kay DOLE MIMAROPA Regional Director Naomi Lyn C. Abellana, patuloy ang pagtutok ng kanilang tanggapan sa inklusibong pag-unlad sa rehiyon.

"Ang DOLE MIMAROPA ay nananatiling tapat sa pagbibigay proteksyon sa karapatan ng mga manggagawa at pagtulong sa kanilang kabuhayan," ani Abellana. "Patuloy kaming magsisilbing tulay tungo sa mas matatag at masaganang komunidad sa rehiyon." /End

Palawan Ex-Governor Joel Reyes, nahatulan sa 11 bilang ng katiwalian kaugnay ng maling paggamit ng Malampaya fund

Halaw mula sa Palawan News

Palawan, 31 Jul 2025. Ang dating gobernador ng Palawan na si Joel Reyes ay nahatulan ng Sandiganbayan sa 11 bilang ng katiwalian kaugnay ng maling paggamit ng pondo mula sa Malampaya. Siya ay sinentensyahan ng hanggang 10 taong pagkakakulong sa bawat bilang, pinagmulta ng ₱5,000 kada bilang, at habambuhay na pinagbawalang humawak ng anumang posisyon sa gobyerno.

Inilabas ng Sandiganbayan ang 625-pahinang desisyon nito noong Martes, Hulyo 29, kung saan hinatulan si Reyes at ilang iba pang dating opisyal ng pamahalaang panlalawigan.

Si Reyes ay napatunayang nagkasala sa 11 bilang ng paglabag sa Section 3(e) ng Republic Act 3019, o ang Anti-Graft and Corrupt Practices Act, at Article 171 (Falsification of Public Documents) ng Revised Penal Code. Siya ay napawalang-sala sa 22 iba pang kaso dahil sa kakulangan ng ebidensya.

Kasama rin sa nahatulan si dating Provincial Planning and Development Officer Samuel Madamba (11 sa 13 bilang), pati na rin ang ilang inhinyero na dating nakatalaga sa Provincial Engineering Office.

Ang iba pang mga personalidad na kinasuhan ngunit napawalang-sala ay kinabibilangan nina dating provincial legal officer Atty. Ma. Elena Rodriguez, dating provincial accountant Orlando Colobong, dating provincial information officer Rolando Bonoan Jr., dating provincial budget officer Jojo Marcaida, at ilan pang mga inhinyero na nagtrabaho sa ilalim ng Provincial Engineering Office.

Samantala, sinabi ni Bonoan, isang matagal nang kaalyado at pinagkakatiwalaan ni Reyes, na nananatiling positibo ang pananaw ng dating gobernador sa kabila ng hatol.

Ayon kay Bonoan, si Reyes, na kasalukuyang nasa ilalim ng hospital arrest dahil sa isa pang kaso, ay dumalo online sa pagbasa ng desisyon ng korte.

"Sabi niya, 'at least marami tayong acquittals... although may 11 convictions, so magpa-file na lang ng motion for reconsideration (MR),'" ani Bonoan sa isang panayam sa telepono ng Palawan News.

"Ok naman siya, pero kailangan niyang manatili sa ospital kasi mahina na talaga siya. Bagama't nakakausap siya ng maayos, nakakatayo naman siya at dahan-dahan lang ang lakad," dagdag pa niya, at binanggit na sinabi ni Reyes na magiging mahirap para sa kanya na pisikal na dumalo kahit pa siya ay lumabas ng ospital.

Sa personal na pananaw, sinabi rin ni Bonoan na masaya siya na ibinasura ang lahat ng kaso laban sa kanya, ngunit hindi niya magawang magdiwang dahil may ilan sa kanilang kasamahan ang nahatulan.

"Hindi rin tayo ganap na talagang masaya dahil marami rin sa ating kasamahan sa provincial government ang naging biktima ng kasong ito at nagkaroon ng conviction," aniya.

"Bagama't hindi pa naman ito ang katapusan ng lahat dahil may mga legal na remedyo pa sila. Sa katunayan, pinaghahandaan na ng kanilang mga abogado ang mga MR (motion for reconsideration) kaugnay sa inilabas na desisyon," dagdag pa niya.

Sinabi rin niya na ilan sa mga personalidad na nasangkot sa kaso ay pumanaw na, kabilang sina dating provincial administrator Atty. Roger Serratubias, dating hepe ng General Services Office Ferdinand Dilig, at dating provincial engineer Charlie Factor.

Isa pang akusado, si dating provincial treasurer Teofilo Palanca, ay napaulat na nasa labas ng bansa. Aniya, hindi isinama si Palanca sa promulgation dahil ito ay kasalukuyang wanted. /End

▸ mula pahina 1

Rep. Madrona, muling inihain ang mga panukala...

Ang Looc Bay Area sa bayan ng Looc ay isinama rin bilang isang ecotourism destination. Kilala ito sa Looc Marine Sanctuary na isa sa mga best-managed marine protected areas sa bansa, at sinisikap ng panukala na mapanatili ang marine biodiversity nito habang isinusulong ang sustainable tourism.

Bukod sa kalikasan at kasaysayan, hindi rin nakaligtaan ang pagpapahalaga sa kabayanihan. Inihain ni Madrona ang panukalang batas na magtatatag ng Battle of the Sibuyan Sea Memorial Shrine sa bayan ng Cajidiocan, bilang pagkilala sa makasaysayang labanan noong World War II

Si Congressman Madrona ang nahalal na chairman ng House Committee on Tourism para sa 20th congress.

Inaasahang tatalakayin ang mga panukalang batas sa mga susunod na sesyon ng Kongreso. /End



Korte Suprema, idineklarang 'unconstitutional' ang impeachment complaint vs. VP Sara



Photo Courtesy: Reuters

Manila, 25 Jul 2025. Inanunsyo na ng Kataastaasang Hukuman ang pagdeklara sa mga 'articles of impeachment' laban kay Pangalawang Pangulo Sara Duterte bilang labag sa Konstitusyon.

Sa isang pulong-pahayag ngayong araw, ibinalita ni Supreme Court Spokesperson Atty. Camille Sue Mae Ting na idineklara ng Korte Suprema na hindi naaayon sa Saligang Batas ang impeachment complaint laban sa ikalawang pangulo.

Ayon sa impormasyong nakuha ng Bombo Radyo, ang pahayag na ito ay nagmula sa isinagawang en banc session ng mga mahistrado ngayong Biyernes, Hulyo 25.

Nagkaisa ang mga mahistrado sa kanilang boto — isang unanimous decision — kung saan 13 hukom ang pabor na pawalang-bisa o ideklarang 'null and void' ang mga artikulo ng impeachment.

Kabilang sa mga bumoto pabor sina Associate Justice Raul Villanueva at Senior Associate Justice Marvic Leonen.

Nag-abstain naman si Associate Justice Benjamin Caguioa, habang naka-leave si Associate Justice Maria Filomena Singh.

Batay sa desisyon, binigyang-diin ang paglabag ng impeachment complaint sa Article XI, Section 3 ng Saligang Batas, o ang tinatawag na "one-year rule" sa paghahain ng partikular na reklamo.

Ayon dito, nag-ugat ito sa apat na impeachment complaints laban kay Pangalawang Pangulo Sara Duterte, kung saan ang unang tatlo ay naisampa noong Disyembre 2, 4, at 19 ng taong 2023.

Sinundan ito ng ika-apat na impeachment complaint na inendorso ng Mababang Kapulungan noong Pebrero 5, 2025.

Dagdag pa rito, kabilang sa mga basehan ng desisyon ang paglabag sa karapatan sa due process na nakasaad sa Bill of Rights, dahil umano sa pagmamadaling proseso ng pagsusumite ng impeachment complaint.

Dahil dito, ayon kay Spokesperson Ting, ang desisyon ng Korte Suprema ay 'agad ipatutupad' o 'immediately executory.' /End

Mga mambabatas, dapat umanong isama sa imbestigasyon ng anomalya sa mga flood control projects

ni **Ana Mendoza**


Photo Courtesy: Ben Briones/PNA

Manila, 29 Jul 2025. Nanawagan si Baguio City Mayor Benjamin Magalong na isama rin sa imbestigasyon ang ilang kongresista kaugnay ng mga iregularidad sa mga flood control projects, kasunod ng utos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na silipin ang mga diumano'y palpak at "ghost" na proyekto ng Department of Public Works and Highways (DPWH).

Sa panayam kina Ted Failon at DJ Chacha nitong Martes, iginiit ni Magalong na ang mga kongresista mismo ang pumipili ng district engineers at regional directors sa kanilang mga lugar.

"Nagkakaroon ng conspiracy sa mga kickback, sa mga hatian, sa pagpili ng mga contractor — karamihan paborito nilang contractor, na politiko rin," ayon sa alkalde.

Ipinahayag din niya ang pagkadismaya sa tila pagbubunyi ng mga mambabatas sa anunsyo ni Marcos sa kanyang SONA.

"Napaka-linaw ng palakpakan, sigawan, howling ng mga mambabatas. Sa dulo, sila rin naman ang sangkot. Parang inosente pa sila," ani Magalong.

Nanawagan din siya na huwag limitahan ang imbestigasyon sa flood control projects lamang, dahil may iba pang proyektong kaduda-duda rin gaya ng solar lights at asphalt overlay, na aniya'y minadali ng ilang natalong opisyal para kumubra pa ng porsyento bago matapos ang termino.

"Hinabol pa nila 'yung mga proyekto hanggang June 13 para sa kickback," dagdag ni Magalong.

Tiniyak ni Magalong na babantayan niya ang mga susunod na hakbang ng gobyerno kaugnay ng utos ng Pangulo upang masigurong maayos itong maipatupad. /End

EDITORIAL

Katapatan at Pananagutan sa Pamahalaan – Haligi ng Maunlad na Lalawigan



Sa lalawigan ng Romblon — isang paraisong kilala sa likas na ganda, tahimik na pamumuhay, at mapagkumbabang mamamayan — ang tunay na pag-unlad ay hindi lamang nasusukat sa mga bagong kalsada, gusali, o proyektong pang-imprastruktura. Sa halip, ang pag-unlad ay dapat nakaugat sa mabuting pamamahala, na tinutulungan ng dalawang pinakamahalagang prinsipyo sa pamahalaan: transparency (kaliwanagan) at accountability (pananagutan).

Sa isang probinsyang tulad ng Romblon, kung saan maraming barangay ang nasa liblib na lugar at limitado ang access sa impormasyon, mas lalong kailangang maging bukas ang lokal na pamahalaan sa mga mamamayan. Dito pumapasok ang kahalagahan ng transparency o pagiging bukas sa lahat ng kilos, desisyon, at paggamit ng pondo ng bayan. Kung ang bawat proyekto, transaksyon, at plano ay malinaw na inilalatag sa publiko — sa pamamagitan man ng barangay assembly, social media, bulletin boards, o radyo — nabibigyan ng kapangyarihan ang bawat Romblomanon na maging bahagi ng proseso.

Halimbawa, kung may proyekto sa barangay tulad ng pagsasaayos ng kalsada o pagtatayo ng water system, dapat malinaw kung magkano ang pondong inilaan, sino ang contractor, at kailan ito matatapos. Sa ganitong paraan, nababawasan ang tiwala sa bulung-bulungan at haka-haka, at napapalitan ito ng tiwala sa pamahalaan.

Ngunit ang transparency ay hindi sapat kung walang accountability. Kailangan ding may pananagutan ang mga opisyal sa bawat pagkilos at desisyon. Kapag may pagkukulang, kailangang may humarap, umamin, at gumawa ng konkretong hakbang para itama ito. Hindi maaaring puro paliwanag lang, tapos tuloy ang ligaya. Sa bawat sentimong galing sa buwis ng mamamayan, kailangang may kaakibat na pagsunod at pananagutan.

Sa mga nagdaang taon, maraming isyu ang lumitaw sa ilang bahagi ng Romblon: mga proyektong hindi natapos, mga kagamitan ng LGU na nawawala, at mga kontratang tila hindi napag-usapan ng maayos. Sa ilang pagkakataon, nawawala na sa balita ang mga ito, tila ba nalilimutan at tinatabunan. Ang ganitong kultura ng kawalan ng pananagutan ay hadlang sa pag-unlad, at sa huli, ang mamamayang Romblomanon ang talo.

Dapat magsilbing ehemplo ang mga lokal na opisyal — mula gobernador, alkalde, mga kagawad, hanggang sa barangay tanod — sa pagiging tapat at responsable. Dapat ding maging aktibo ang mga mamamayan sa pakikilahok, pagtatanong, at pagsunod sa mga usaping pampamahalaan. Hindi sapat ang bumoto lamang tuwing halalan; kailangan ang tuloy-tuloy na pagtingin at pakikialam sa pamamalakad ng ating mga pinuno.

May papel din ang media, simbahan, at mga civil society groups sa pagtulong na bantayan ang pamahalaan. Kailangang palakasin ang ugnayan ng mamamayan at pamahalaan upang mapanatili ang kultura ng integridad sa lalawigan.

Kung nais talaga nating umunlad ang Romblon — hindi lamang sa pisikal na aspeto kundi sa kalidad ng pamumuhay — dapat nating itaguyod ang pamahalaang bukas, tapat, at may pananagutan. Dahil sa huli, ang tunay na pagbabago ay hindi nagsisimula sa itaas, kundi sa bawat mamamayang handang manindigan para sa tama.

Tunay na pag-unlad ay hindi itinatayo sa sementadong daan kundi sa matatag na prinsipyo ng katapatan at pananagutan. Sa Romblon, ito ang tunay na daan tungo sa mas maaliwalas na kinabukasan. /End



Thought of Wisdom

ni **Ressie Fos**, *RNN Managing Editor*

"Mahiya Naman Kayo!!" Flood Control Projects, Tadtad ng Katiwalian?

Sa State of the Nation Address (SONA) nitong Hulyo 28, 2025, mariing pinuna ni Pangulo Bongbong Marcos ang mga palpak at maaaring kathang-isip na flood control projects ng DPWH: ilan sa mga ito umano ay gumuho, at ang iba'y "guni-guni lamang." Inutusan niya ang agarang paghain ng kumpletong listahan ng lahat ng flood control projects sa nakalipas na tatlong taon, at ang pagsasailalim sa mga ito sa impartial audit, pagtatala ng mga palpak, di natapos o ghost projects, kasabay ng pananalitang may legal na pananagutan ang mga sangkot sa katiwalian.

Malaking Badyet, Maliit ang Resulta

Batay sa datos ng DPWH, mula 2011 hanggang 2025, nakalaan ang humigit-kumulang ₱1.47 trilyon para sa flood control at mitigation programs. Sa taong 2025 lamang, may tinatayang ₱1.007 trilyon na budget para rito, kung saan nasa ₱254.29 bilyon ang nakalaan sa flood management program—lampas na sa badyet ng ibang pangunahing ahensya tulad ng Department of Health at Department of Agriculture.

Senador Panfilo Lacson naman humahayag noong Hulyo 2025 na maaaring ₱1 trilyon mula sa halos ₱2 trilyong pondo para sa flood control ay napunta sa corruption. Ano'ng nangyari sa nalalabing bilyon?

Senate President Chiz Escudero ay nagtanong din: "Anong nangyari sa daan-bilyon na flood control projects ng DPWH, MMDA at mga lokal na pamahalaan?" Ipinahayag niya na ang ₱255 bilyong badyet para sa flood control noong 2024 ay mas malaki pa kaysa sa ibang sektor tulad ng defense at kalusugan.

Ayon kay Baguio City Mayor Magalong, sa kanyang panayam sa OneNews nitong 30 Jul 2025, nasa 35-40% umano ang kickbacks na nakukuha sa mga proyekto ng gobyerno dahil sa sabwatan ng mga politiko at opisyuales ng DPWH. Ayon pa sa kanya, nagsisimula ang korapsyon sa pagsunod ng mga kongresista sa pagpili ng district engineers ng DPWH—hindi ng Public Works Secretary. Dagdag pa niya, may sistemang collusion sa pagitan ng makapangyarihang politiko, contractor, at bidding agency. Aniya, nangingibabaw ang mga flood control projects, katapakip sa rock netting, asphalt overlay, road widening, cat's eyes, at solar lights dahil sa laki ng posibilidad na ma-overprice at makapag-apply ng kickback scheme.

Kaya naalala nyo, maraming taon na rin ang lumipas, di ba naglabasan din ang mga 'cat-eye' projects sa mga kalsada palibot sa Tablas, at kapansin-pansin na masinsin ang interval ng pagkakalagay ng mga ito. Hmmm, bakit kaya?

Sa lalawigan ng Romblon, ay meron ding ganitong projects. Noong Pebrero 2022, natapos ang Panique Flood Control Structure sa Odiongan na nagkakahalaga ng ₱26.69 milyon. Kasama rito ang bagong tulay na ₱11.76 milyon (David Bridge).

Noong Nobyembre 2023, natapos ang ₱19.5 milyon seawall sa Barangay Calabasahan, Concepcion, Romblon (228 metro, 4 m taas).

Maliban sa nabanggit, meron pang ibang katulad na proyekto na nasa bayan ng Odiongan tulad ng mga seawalls, na ayon nga sa mamamayan ay mas nagdulot ng baha sa bayan. Oo nga naman, ba't nga ba kelangang lagyan ng seawall dyan sa Poctoy papunta sa tabing-dagat ng barangay Ligaya? Ano ba ang objectives ng project na ito? Ano ba ang problema na sinusolusyunan? Wala naman akong nakikita! Kaya sana nga, ituloy-tuloy na ng ang pag-iimbestiga sa mga proyektong ito, para magkaalaman! /End

DAPLIS LANG!

"Guro" o "Maninila"?

Isang kontrobersyal na bulong-bulungan ang umiikot ngayon sa isang maliit ngunit tahimik na bayan sa MIMAROPA—walang iba kundi sa bayan ng Romblon.

Ayon sa mga tsismosong kurimaw, may tatlong guro sa mga high school sa nasabing bayan ang sangkot umano sa hindi katanggap-tanggap na ugnayang sexual sa kanilang mga estudyante—na syempre menor de edad.

Hindi lang simpleng "tsismis" ang usap-usapan, dahil may ilang magulang na raw ang tahimik na humihingi ng tulong at nagreklamo sa Schools Divisions Superintendent, na nangakong paiimbestigahan ang nasabing kaso kapag natanggap ng opisyal ang reklamo, alinsunod sa umiiral na batas.

Ang mga pobreng magulang naman ay nangangamba para sa kaligtasan at kinabukasan ng kanilang mga anak. Ang masaklap, tila ginagamit pa raw ng ilan sa mga gurong ito ang kanilang kapangyarihan at impluwensiya para patahimikin ang mga estudyante.

Ang ilan sa kanila ay kilalang "respetado" sa kanilang komunidad—matalino, aktibo sa mga school events, at masipag umano sa pagtuturo. Ngunit sa likod ng silid-aralan, may mga lihim pala silang pinangangalagaan na kailanman ay hindi dapat mangyari.

Kung bakit napapansin ng mga magulang na tila laging balisa, malayo ang isip, at tila wala ng ganang pumasok ang mga biktimang menor de edad, ay dahil sa "ibang klaseng itinituro ni titser".

Pero ngayon, unti-unti nang lumalakas ang panawagan—imbestigahan, papanagutin, at alisin sa serbisyo ang mga gurong ito.

Hindi ito simpleng eskandalo. Ito ay pag-abuso sa tiwala, sa kapangyarihan, at sa inosente. Hindi sapat na sila ay itago sa likod ng pangalan ng eskwelahan o sistema. Ang edukasyon ay dapat ligtas na lugar, hindi lugar ng pananamantala.

Kaya tanong ng bayan: Kailan kikilos ang kinauukulan? Kailan bibigyang boses ang mga biktima?

Panahon na para kumilos. Hindi dapat isantabi ang hinaing ng mga batang nawalan ng boses, at mas lalong hindi dapat palampasin ang ganitong uri ng katiwalian sa loob mismo ng mga institusyong pang-edukasyon.

Bantay-sarado na ngayon ang isyung ito ng mga taong hindi na magpapabulag. Dahil sa Romblon, may mga gurong kailangang turuan ng leksyon.

Sa Romblon pa naman na halos malalapit na magkakaanak ang mga nasa position, baka naman mabaon na lang din ito sa limot? Aba'y babantayan po ng mga tsismosong kurimaw ang kasong ito. /End



The Better Option

ni **Wilson Fortaleza**

Walang ikahihiya ang Bagong Romblon

Pinakamalakas na palakpakan mula sa mga senador, kongresman, at mga panauhin sa Batasan sa nakaraang State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Ferdinand Marcos, Jr. ay ang mga katagang: "Mahiya naman kayo!"

Karamihan kasi sa pinatatamaan sa hangin ng Pangulo ay naroon din sa Batasan, dahil ang kanyang pinatutungkulan ay mga flood control projects na bukod sa maraming palpak, ay alam ng marami na pinagmumulan ng malaking tongpats o kikbak. Alam ng Palasyo na ang mga pondo para dito ay napaglalaruan ng mga tiwaling mambabatas. Pero nang tamaan sila ng 'bato-bato sa langit' ng Pangulo, and sukli sa kanya ay malakas na palakpakan - habang nakataas ang kilay ng publiko, mass media, at mga komentarista kabilang ang The Bettter Option o TBO.

Public knowledge, ika nga. Alam ng publiko sa mahabang panahon ang korap na kalakaran sa mga proyekto kaya dudang-duda ang madla sa malakas na palakpakan. Duda dahil may pakiramdam na hindi seryoso ang kampanya laban sa korapsyon? Na katulad noong panahon ni Digong, ang ganito ay palabas lang? Your guess is as good as mine. Ibig sabihin, ang pagdududa ay nagmumula sa kawalan pang pruweba ang "Bagong Pilipinas". Nakikiusap pa lamang ang Pangulo na mahiya muna ang mga dapat mahiya.

Mabuti na lamang at dito sa atin ay wala tayong ikahihiya. Dahil may maagang resibo ang "Bagong Romblon" sa ilalim ng ating bagong Governor. Walang kaduda-duda dahil ang mga ginagawa ni Gov. Trina Firmalo-Fabic ay hindi lang 'public knowledge' dati pa kundi'y truly public. Nakikita siya ng lahat, kaya mahal din siya ng publiko. Dahil para siya sa publiko.

Ibang-iba ito kumpara sa dati. Kung dati ay uhaw tayo sa transparency, ngayon ay maliwanag tayong nakamasid sa mga nangyayari sa Kapitolyo at sa buong lalawigan. This is it, sabi ko nga: To be truly transparent, a public official must be truly public. Dahil walang sekretong good governance. Ang tamang simula ay palaging tama.

So, congratulations sa ating mahal na Gobernadora sa magandang simula. Kabilang din sa mga dapat batiin ang equally competent na mga kasamahan niya ngayon sa Kapitolyo. Karapatdapat na palakpak!

#TheBetterOption

PIXXELSIS DIGITAL

Grow your Business!

Get your Business Website now!

Hosting & Domain:

- Single Domain
- Unmetered Bandwidth
- Unmetered Disk Space
- Security SSL Certificate (https)
- Customized Website Template
- Email Accounts

Call for more +63 927 723 1871

email us at: info@pixxelsis.com

Jemaica Mendoza kabilang sa PH team, nag-uwi ng 3 gold medal mula sa 9th Eastern Asia Youth Chess Championship

ni **Gilbert Miñano**



31 Jul 2025. Nag-uwi ng tatlong gintong medalya si Women's FIDE Master (WFM) Jemaicah Yap Mendoza, tubong Sta. Maria, Romblon, sa katatapos na 9th Eastern Asia Youth Chess Championship 2025 na ginanap sa Zhuhai, China mula July 20–30, 2025.

Nakamit ni Mendoza ang gold medals sa Girls Under-14 Standard Event at Blitz Event. Kasama rin siya sa Under-16 Team ng Pilipinas na nagwagi ng isa pang gold medal sa team competition.

Sa kabuuan, nagtapos ang Pilipinas sa ikalawang puwesto sa medal standings ng nasabing 10-day tournament. Kabilang sa mga bansang lumahok ay Japan, Hong Kong, India, Korea, Macau, Singapore, Malaysia, Vietnam, Mongolia, Thailand, Taipei, Myanmar, at China bilang host country.

Kasama ni Mendoza sa Under-16 Team sina Kaye Lalaine Regidor at Elle Castronuevo. Nagwagi rin ng gold si Christian Gian Karlo Arca sa Under-18 Open Category Standard Event, at si Ivan Travis Cu sa Blitz Event ng parehong kategorya. Nakuha rin ng Pilipinas ang gold sa Under-18 Blitz Team Event sa pamamagitan nina Arca, Cu, at Mark Gabriel Usman.

Bukod sa anim na gold medal, nadagdagan pa ang medal tally ng Pilipinas ng tatlong bronze medal mula kina Christian Gian Karlo Arca at Ivan Travis Cu. /End

Beermen kampeon sa PBA Philippine Cup 49

ni **Gilbert Miñano**


Photo Courtesy: PBA

28 Jul 2025. Nagkampeon ang San Miguel Beermen sa katatapos lamang na PBA Philippine Cup 49th season matapos nilang talunin ang Talk 'N Text Tropang 5G sa best-of-seven championship series, 4–2. Naganap ang mga laro sa Smart Araneta Coliseum, Mall of Asia Arena, at PhilSports Arena mula July 13 hanggang July 25, 2025.

Sa buong serye, malinaw na mas kompleto at mas healthy ang lineup ng San Miguel kumpara sa TNT na dumaan sa maraming injury problems. Pinangunahan ng walong beses na PBA MVP na si Junemar Fajardo ang Beermen, kasama ang mga beteranong sina Chris Ross, Marcio Lassiter, CJ Perez, at Don Trollano. Gayunpaman, ang naging tunay na difference maker ay si Jericho Cruz, na itinanghal na Finals MVP ng PBA Press Corps matapos mag-average ng 13 puntos, 2 rebounds, at 3 assists, bukod pa sa kanyang mga intangible contributions at energy sa court. Si Junemar Fajardo naman ang itinanghal na Best Player of the Conference.

Sa anim na laban ng serye, tanging ang Game 5 lamang ang lubos na kinontrol ng TNT kung saan mula simula hanggang dulo ay sila ang nagdikta ng laro. Nanguna sa larong ito si Almond Vosotros, ang tinaguriang "magic bunot" ni Coach Chot Reyes. Sa Game 1, nagkaroon ng kontrobersyal na desisyon nang i-nullify ang slam dunk ni Mo Tautuaa 51 segundo bago matapos ang laro. Una itong na-count ngunit binawi matapos ang late review na ginawa ng PBA Technical Committee may 7 segundo na lang ang natitira, dahilan upang tuluyang mapunta ang panalo sa TNT sa iskor na 99–96.

Ang Games 2, 3, 4, at 6 naman ay dominado ng San Miguel kung saan ipinakita nila ang kanilang pagiging mas organisado at disiplinado sa loob ng court. Sa Game 6, tinapos ng Beermen ang serye sa pamamagitan ng 107–96 na panalo.

Sa pagkapanalong ito, nadagdagan na ng 11 All-Filipino titles ang Beermen at 30 championships overall sa kasaysayan ng kanilang prangkisa. Isa ring highlight ng tagumpay na ito ay ang muling pagpigil ng San Miguel sa Grand Slam bid ng TNT. Matatandaan na noong 2011, sa panahon ng Petron Blaze Boosters, ay sila rin ang sumira sa Grand Slam hopes ng TNT.

Bagama't hindi nakuha ang inaasam na Grand Slam at pagiging ikaapat na team sa kasaysayan ng PBA na makakagawa nito—sumunod sa mga koponang Crispa (1976, 1983), San Miguel Beer (1989), at San Mig Coffee Mixers (2014)—ipinahayag ni Coach Chot Reyes ang kanyang pasasalamat at pagmamalaki sa kanyang koponan. Ayon sa kanya, malapit na nilang maabot ang pinakacoveted na titulo.

Samantala, sinabi ni Manny V. Pangilinan, big boss ng TNT, na wala na siyang mahihiling pa sa kanyang team dahil ibinigay na ng mga ito ang lahat. Tiniyak din niya sa mga TNT fans na muling susubukan ng kanilang koponan na makamit ang Grand Slam sa susunod na season. Lumaban ang TNT sa finals nang wala ang kanilang leader na si Jayson Castro, energy guy na si Rey Nambatac, at may mga injury pa ang ilan gaya nina JP Erram at RR Pogoy.

Narito ang naging mga score ng bawat laro sa finals series:

- Game 1: TNT 99 – SMB 96
- Game 2: SMB 98 – TNT 92
- Game 3: SMB 108 – TNT 88
- Game 4: SMB 105 – TNT 91
- Game 5: TNT 86 – SMB 78
- Game 6: SMB 107 – TNT 96

/End

RNN Editorial Staff

Publisher : Pixxelsis Digital - RNN
Managing Editor : Ressie Fos
Senior Editor : Paul Jaysent Fos
Contributors : Emmanuel Eranes
Jun Fiedacan
Ian Kay Faa
Paolo Mendoza
Suico Romero

Correspondents : Ana Mendoza (Senior Correspondent)
Gilberbert Miñano (Sports Writer)
Paul Patrick Fos (Photojournalist)
John Karl Adenig (Photojournalist)
Jay Fornal (Social Media Editor)
Maxwell Laquinto (San Jose Correspondent
Emil Guirange (Ferro Correspondent)
Jordan Dorado (San Andres Correspondent)
Monalyn Almarines (San Agustin Correspondent)
Angela Mae Castillo (Looc Correspondent)
Jayson Dela Cruz (Sibuyan Correspondent)
Hannah Gabriel Concepcion (Capitol Correspondent)
Gezel Fetalco (San Agustin Correspondent)
Heico Ramilo (Capitol Correspondent)
Emily Crescini (Santa Fe Correspondent)
Emmanuel Calingasan (Sta. Maria Correspondent)
Abegail Recto (Sibuyan Correspondent)
Juan Reyes (Correspondent)

Columnists : Rodne Rodiño Galicha
Wilson Fortaleza

Office Address : Fos Residence, Batiano, Odiongan Romblon, 5505, Philippines
Mobile No. : 0927 723 1871
Infodesk Email : info@romblonnews.net
Marketing Email : marketing@romblonnews.net
Website : romblonnews.net
Social Media : /romblonnews

© 2025 Romblon News Network

Romblon native Evelyn Manzala-Lindo kampeon sa Bowling tour sa UAE

ni **Gilbert Miñano**



UAE, 31 Jul 2025. Nagwagi si 69-anyos na Evelyn Manzala–Lindo, tubong Romblon, sa World Overseas Filipino Bowling Tour 2025 na ginanap mula July 20–26, 2025 sa Dubai International Bowling Center sa Dubai, UAE.

Nakuha niya ang Gold Medal sa Singles Cup at Bronze Medal sa Team Event. Noong nakaraang taon, nanalo rin siya sa parehong torneo na ginanap sa Japan.

Ang World Overseas Filipino Bowling Tour ay isang taunang paligsahan na bukas sa mga Pilipinong naninirahan o nagtatrabaho sa iba't ibang bansa. Ang torneo ay kinikilala ng Philippine Sports Commission (PSC) at ngayong taon ay ginanap ang ika-10 edisyon nito simula noong 2015.

Kabilang sa mga lumahok ang All Filipino Tenpin Club mula Doha, Qatar; Dubai Filipino Bowling Club, na siyang host ngayong taon; at ang Philippine Bowling Club (PBC), na kinabibilangan ni Evelyn at nakabase sa Estados Unidos.

Bukod sa kanyang partisipasyon sa bowling, si Evelyn ay dating OR nurse na nagtrabaho sa loob ng halos 30 taon. Sa kasalukuyan ay nakabase siya sa Hollis, Queens, New York kasama ang kanyang pamilya.

Sa Libertad, Odiongan, Romblon—ang kanyang lugar na pinanggalingan—nagsagawa na siya ng medical mission kasama ang grupo ng mga nurse at doktor. /End

Romblon United FC kampeon sa 1st Villa Sabina Futsal Tournament

ni **Gilbert Miñano**



31 Jul 2025. Panibagong karangalan ang naidagdag ng Romblon United FC matapos silang magkampeon sa katatapos lamang na 1st Villa Sabina Futsal Tournament noong July 27, 2025. Ginanap ang torneo sa Sabina Covered Court, Carreon Park, Novaliches, Quezon City, at nilahukan ito ng iba't ibang koponan mula sa iba't ibang rehiyon gaya ng Tamaraw FC mula Oriental Mindoro, VZL Assassins FC mula Valenzuela, Dragon Kickers FC mula Olongapo, World Citi College FC mula Anonas, Quezon City, at San Pedro FC mula Laguna.

Isinagawa ang torneo gamit ang round-robin format kung saan lahat ng anim na koponan ay naglaban-laban. Sa pagtatapos ng round robin, nagtala ng 4 wins at 1 loss ang Romblon United FC, sapat upang masungkit ang No. 1 seed pagpasok sa knockout stage. Sa semifinals, tinambakan nila ang Tamaraw FC sa iskor na 3–2. Sa finals naman, nakaharap nila ang Dragon Kickers FC at tinalo ito sa isang dikit na laban, 4–3, upang tuluyang masungkit ang kampeonato.

Ang Romblon United FC ay binubuo ng mga piling manlalaro mula sa iba't ibang bayan sa probinsya ng Romblon. Kasama sa roster sina Ronel Oyao, Jo Nino Mallen, Reymark Roz, Amir Soldevilla, Jerrick Libre, Jervince Manliquid, Edgar Tumanon II, Jam Mariveles, Timoy Polaron, at Gerard Etid.

Sa pagkapanalong ito, muling napatunayan ng Romblon United FC ang kanilang husay at dedikasyon sa larangan ng football. Isa na namang tagumpay ang kanilang naidagdag sa lumalawak na koleksyon ng tropeo ng probinsya ng Romblon. Sa bawat torneo, patuloy nilang pinatutunayan na ang Romblon ay isang makapangyarihang puwersa sa futsal scene ng bansa.

Bukod sa kampeonato, naiuwi rin ng koponan ang ilang mga individual awards. Si Timoy Polaron ay itinanghal na Best Goalkeeper, si Jervince Manliquid bilang Best Defender, at si Jam Mariveles naman ang kinilalang Top Scorer of the Tournament. /End

Laban ni Pacquiao at Barrios, nauwi sa Draw

ni **Gilbert Miñano**



Photo Courtesy: Manny Pacquiao

25 Jul 2025. Nagbalik sa boxing ring ang 46-anyos na si Manny Pacquiao matapos ang apat na taong pahinga, ngunit nagtapos sa majority draw ang laban kontra sa WBC Welterweight Champion na si Mario Barrios noong July 20 sa MGM Grand Garden Arena.

Bagamat mas matanda at matagal na nagpahinga, ipinakita ni Pacquiao na kaya pa rin niyang makipagsabayan sa mas batang kalaban. Mula umpisa hanggang dulo ay dikit ang bakbakan, na umani ng papuri mula sa fans at kapwa boksingero.

Isinuko ni judge Max DeLuca ang score na 115–113 pabor kay Barrios, habang nagbigay ng 114–114 sina Tim Cheatham at Steve Weisfeld kaya nauwi ang laban sa majority draw. Dahil dito, nanatili kay Barrios ang WBC Welterweight Title at nabigo si Pacquiao na maging pinakamatandang kampeon sa welterweight division.

Gayunpaman, binuksan ng kanyang performance ang posibilidad ng laban kontra kay Gervonta "Tank" Davis na may rekord na 30 panalo, walang talo, isang tabla at 28 knockouts, o kay Rolando "Rolly" Romero na may 17 panalo, dalawang talo at 13 knockouts. Ayon sa adviser ni Pacquiao na si Sean Gibbons, bukas din ang kampo sa rematch kay Barrios. Muling lumutang ang pangalan ni Floyd Mayweather bilang potential na kalaban kung sakaling nanalo si Pacquiao.

Samantala, panalo rin ang mga kapwa Pinoy boxer na sina Mark Magsayo at Eumir Marcial. Tinalo ni Magsayo si Jorge Mata Cuellar via unanimous decision, dahilan para makabalik siya sa title contention taglay ang rekord na 28 panalo at 2 talo. Si Marcial naman ay nanalo via third-round knockout kontra kay Bernard Joseph at ngayon ay may perpektong rekord na 6–0, mas lumalapit sa isang world title shot. /End



Tayo ay Kalikasan

ni **Rodne Rodiño Galicha**

*Ang kolum na ito ay salin ng mga opinyon at sanaysay mula sa aking iniakdang librong "**We Are Nature**" na nailathala noong 2013.*

Anyare?

Ang ating mga ninuno ay sama-samang nagpapaalala sa atin na ang lahat ay magkakaugnay; gayunpaman, hindi nagtutulungan kapag inaabuso ng mga tao ang gayong pagkakasundo.

Ang sangkatauhan ay nakasalalay sa kalikasan para sa kaligtasan at pag-iral ngunit hindi ang buong sangkatauhan ang nagnanais na mabuhay at umiral. Ang kasakiman at pagkamakasarili sa pagkukunwari ng pambansang seguridad ay lumikha ng isang malaking pandaigdigang kawalang-interes na paghahati na kalaunan ay magreresulta sa genocide.

Ito ay ang kawalang-pakialam ng mga tao na humahantong sa hindi makatarungang pagtrato sa ating planeta bilang paksa. Para bang nagsimula ang buhay sa lupa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng ating superior rationality.

Kung hindi natin matatanggap na bahagi tayo ng buong kalikasan na ito, magiging imposible para sa atin na malutas ang mga umuusbong na krisis sa kapaligiran.

Maliliit na mga pagkilos

Noong 2010, nagkaroon ng isang pagtatagpo ng parehong mga worldviews noong nakilala ko at napakinggan si Paul Hawken, may-akda ng New York Times bestseller na "Blessed Unrest: How the largest movement in the world came into being, and why no one saw it coming".

Ang aking kasamahan sa The Climate Reality Project, si Simon Bradshow, ay isinalrawan ang talumpati at interactive na talakayan kasama si Hwaken bilang ...higit sa isang oras at kalahati, at sa kanyang malumanay na istilo ng patula na parang isang Linggo na paglalakad sa kakahuyan kaysa sa isang lecture, isinalaysay ni Paul Hawken ang mga usapin mula sa paglusaw sa pagkakahati ng tao at kalikasan, muling pagtuklas ng himala ng buhay, at pagunawa sa ating lugar sa daigdig at pagunawa sa hindi pangkaraniwang kapangyarihan ng mga organisasyon at kilusan."

Ito ay talagang isang paglalakbay na lampas sa ating imahinasyon na umabot sa mga mapaghamong katotohanan ng pagbabalik sa mga pangunahing agham ng kalikasan kung saan lahat tayo ay nabuo. Ang pagkaunawa na ang ginagawa natin bilang bahagi ng mga tila "maliit" na kilusang ito upang maibalik ang pagkakaisa sa kalikasan at itaguyod ang katarungang panlipunan para sa lahat ay isang likas na nais bilang bahagi ng buong sistema ng buhay ng sansinukob. Kaya naman, sumasang-ayon ako nang sabihin ni Hawken na "We are nature."

Responsibilidad

Bilang bahagi ng environmental movement, madalas tayong tinatawag na "mga environmentalist".

Sa totoo lang, ang pagtanggap ng gayong pagpapahalaga ay may kasamang malaking responsibilidad at hamon na sa katunayan ay dapat gawin at harapin ng lahat ng tao.

Hindi ang pagiging ...environmentalist" ang nagpapakilos sa atin, dahil ito ay pakikiramay lamang sa kapaligiran na nagpipilit sa atin na protektahan at ipaglaban ito. Inilalagay natin ang sangkatauhan bilang mga panginoon ng sansinukob at kalikasan - bilang isang bagay nakaluhod para sa ating awa.

O ito ba ay kabaligtaran, humihingi ng awa mula sa kalikasan kung saan ang lahat ng ating mga cells ay nagmumula sa pagbuo ng halos 1 septillion na mga gawain sa loob ng ating katawan, katumbas ng 10 beses ng bilang ng mga bituin sa kalawakan, gaya ng sinabi ni Hawken?

Solusyon

Ano ang ugat ng lahat ng kaguluhang ito sa mundo? Ito ay ang pagtanggi ng sangkatauhan bilang bahagi ng kalikasan at ang pagturing nito sa sansinukob bilang mga mga tagasunod lamang upang magamit.

Paano ito lutasin? Dapat tayong matuto mula sa mga katutubo sa ating daigdig na nagtuturo sa atin kung paano mamuhay nang naaayon sa kalikasan at tanggapin ang katotohanan ng pagiging bahagi ng kalikasan.

Nakalulungkot, ang buong ...utilization movement" ay nagtataguyod ng ethnocide na nagdadala sa mga kultura at kaugalian sa bingit ng pagkalipol.

Bakit katutubo? Sa ating mga ugat ay dumadaloy ang katutubong dugo na nagbibigay-daan sa atin na maki-akma at makipaglaban para sa ating kaligtasan. Noong unang panahon, kabilang tayo sa isang sangkatauhan na umaasa lamang sa kasaganaan ng kalikasan at namumuhay tayo kasama nito, nang nasa ayos at balanse. Gayunpaman, may ilan na inabuso ang gayong kasaganaan at pinilit ang kalikasan na maging mas sagana hanggang sa mabawasa't maalis ang kapasidad nito upang maging sagana. Dito nagsimula ng ...utilization movement" na 1% ng populasyon ng mundo.

Panahon na para ibalik ang balanse. Sama-sama, kasama ang mga katutubo na nag-alay ng kanilang buhay at nagtatanggol sa kanilang mga lupain at tradisyon para sa kapakanan ng pagpapanatili ng balanse sa planetang ito, tayo ay manindigan laban sa 1% dahil tayo ang 99% na nararapat na tumataguyod ng katarungang pangkalikasan at panlipunan.

Oo, bawat isa sa atin ay bahagi ng bawat isa. Hinihinga ko ang hinihinga mo. Hayaan nating panibaguhin ng 1 septillion cellular activities sa ating mga katawan ang isipan ng ...utilization movement". Huwag nating pahintulutan ang 1% na sakupin ang 99% na nais panumbalikin ang natural na balanse sa mundong ito.

Huwag nating kalimutan na ang isipan ng 1% utilization movement ay bahagi pa rin ng 99%. Ang katahimikan at kawalan ng pagkilos ng 99% ay nagpapalakas sa kanila.

Paalala

Bakit nga ba may mga problemang ganito? Nagre-react lang ang kalikasan.

Bakit ganyan ang "exaggerated" na mga reaksyon? Dahil sa ating labis na kawalang-pakialam.

Anuman ang ating gawin sa pagkasira ng kalikasan ay bumabalik sa atin dahil lahat tayo ay bahagi nito, walang sinisino, kahit na ang mga wala namang kasalanan. /End

SERVING THE ROMBLOMANONS!



A RNN Community Outreach & Welfare Program

Romblon News Network (RNN) is more than just a media outlet—it's a heartbeat of hope, a bridge of compassion, and a storyteller with a purpose. Beyond delivering news, RNN is deeply committed to empowering and uplifting the lives of Romblomanons, especially those who need it the most.

Through its outreach program, RNN goes beyond the headlines to make a tangible difference in the lives of individuals and families across the province of Romblon. This initiative isn't about charity—it's about community. It's about recognizing the silent struggles of hardworking Romblomanons and answering them with kindness, resources, and real support.

Whether it's providing educational materials to bright young students, offering basic necessities to vulnerable households, or aiding in times of calamity, RNN is on the ground, hand in hand with the people. The program is guided by a simple but powerful belief: those who live with dignity despite hardship are the ones most deserving of help.

Each outreach mission is a story—of hope sparked, of burdens lightened, of futures made a little brighter. RNN's work reminds us that media can do more than inform; it can inspire action, ignite empathy, and build stronger, more compassionate communities.

In Romblon, RNN is not just a voice on the net and the airwaves—it's a hand reaching out. A presence that listens, responds, and uplifts. It's media with a mission, rooted in heart and driven by purpose.

If you want to be part of this initiative, please contact us on 0927 723 1871